



Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na umabante sa Ikatlong Hakbang sa Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas sa Hulyo 16

BRAMPTON, ON (Hulyo 9, 2021) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario sa araw na ito, naghahanda ang Lungsod ng Brampton para ligtas na lumipat sa Ikatlong Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas ngayong Biyernes, Hulyo 16 sa 12:01 am. Dumating ang hakbang na ito salamat sa mga dedikadong pagsisikap sa ating komunidad at sa mga partner sa pangangalagang pangkalusugan sa Ontario. Hanggang Hulyo 8, 2021, higit sa 77 porsyento ng populasyon sa Ontario na edad 12 at higit pa ang nakatanggap ng isang dosis ng bakuna sa COVID-19 at higit sa 50 porsyento ang nakatanggap ng kanilang pangalawang dosis. Higit sa 16.6 milyong dosis ng bakuna sa COVID-19 ang nailapat sa buong lalawigan.

Simula sa Hulyo 16, ang sumusunod na mga tuntunin at pamamaraan sa ilalim ng Ikatlong Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas ay ipapatupad:

- Ang mga outdoor na pagtitipon-tipon ng mga tao at inorganisang mga event ng publiko na may hanggang 100 tao na may limitadong mga eksepsyon;
- Ang mga indoor na pagtitipon-tipon ng mga tao at inorganisang mga event ng publiko ay hanggang 25 tao
- Ang mga indoor na panrelihiyong serbisyo, ritwal o mga seremonya, kabilang ang mga serbisyo sa kasal, at serbisyo sa paglilibing ay pinapayagan kung saan ginagawa ang paglayo mula sa iba;
- Pinapayagan ang indoor dining na walang limitasyon sa bilang ng mga kostumer bawat mesa na ginagawa pa rin ang paglayo mula sa iba at iba pang mga paghihigpit;
- Magbubukas ang mga pasilidad ng indoor sports at panlibangang fitness sakop ng maximum na 50 porsyentong kapasidad ng karaniwang kapasidad ng nakaupo o 1,000 tao, alinman ang mas mababa. Ang kapasidad para sa mga outdoor spectator ay 75 porsyento ng karaniwang kapasidad ng upuan o 15,000 tao, alinman ang mas kaunti;
- Pinapayagang mag-operate ang indoor na pagpupulong at mga espasyo ng event na ginawa ang paglayo mula sa iba at iba pang mga paghihigpit at limitasyon sa kapasidad na hindi hihigit sa 50 porsyentong kapasidad o 1,000 tao, (alinman ang mas mababa);
- Essential at hindi essential retail na may kapasidad na limitado sa bilang ng mga tao na makakagawa ng paglayo mula sa iba na dalawang metro;
- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga, kabilang ang mga serbisyo na nangangailangan na tanggalin ang pantakip ng mukha, na ang kapasidad ay limitado sa bilang ng mga taong makakapanatili sa distansya mula sa iba na dalawang metro;;
- Mga museyo, gallery, makasaysayang mga site, mga aquariums, mga zoo, mga landmark, botanical na mga hardin, mga science centre, casinos/bingo halls, amusement parks, mga fairs at rural exhibitions, festivals, na may limitadong kapasidad na hindi lalampas sa 50 porsyento indoor at 75 kapasidad na mga outdoor;



- Pinapayagang magbukas ang mga concert venue, mga sinehan, at mga teatro sa: hanggang 50 porsyentong kapasidad indoor o maximum limit na 1,000 tao para sa mga event na nakaupo (alinman ang mas mababa)
- hanggang 75 porsyentong kapasidad outdoor o maximum limit na 5,000 katao para sa mga event na hindi nakaupo (alinman ang mas mababa); at hanggang 75 porsyento na kapasidad o maximum na 15,000 tao para sa mga event na may fixed na pag-upo (alinman ang mas mababa).
- Open houses ng real estate na may kapasidad na limitado sa bilang ng mga tao na makakapanatili sa paglayo sa iba nang dalawang metro; at
- Indoor na mga establisyemento ng pagkain o inumin kung saan ibinibigay ang mga pasilidad sa pagsasayaw, kabilang ang nightclubs at restobars, pinapayagan hanggang sa 25 porsyentong kapasidad na may maximum limit na 250 katao (alinman ang mas mababa).

Ang mga pantakip ng mukha sa mga indoor na settings na pampubliko at mga iniuutos na paglayo mula sa iba ay ginagawa pa rin sa buong Ikatlong Hakbang.. Ito ay naaayon sa payo sa mga pamamaraan sa pampublikong kalusugan na inisyu ng Public Health Agency ng Canada, habang bumubuo rin sa partikular na impormasyon at mga kinakailangan ng Ontario. Ang mga pagtatakip ng mukha ay iuutos rin sa ilang pambulikong setting.

Mananatili ang lalawigan sa Ikatlong Hakbang sa Strategic na Plano sa loob ng di-bababa sa 21 araw at hanggang ang 80 porsyento ng karapat-dapat na populasyon na 12 taong gulang at higit pa ay nakatanggap ng isang dosis ng bakuna sa COVID-19 at 75 porsyento ang nakatanggap ng kanilang pangalawa, na walang public health unit ang may mas mababa sa 70 porsyento ng kanilang populasyon ang kumpletong nabakunahan. Ang iba pang mahalagang mga indicator ng public health at pangangalaga sa kalusugan ay kailangang patuloy rin na manatiling matatag. Sa pagkakatuon sa mga batayang ito, tatanggalin ang karamihan sa mga pangkaligtasang pamamaraan sa public health at lugar ng trabaho, kabilang ang mga limitasyon sa kapasidad para sa indoor at outdoor settings at mga limitasyon para sa mga pagtitipon-tipon. Tanging isang maliit na bilang lamang ng mga pamamaraan ang mananatiling isasagawa, kabilang ang pangangailangan ng passive screening, tulad ng pagpapaskil ng karatula, at mga negosyo na nangangailangan ng plano sa kaligtasan.

[Basahin ang News Release ng Lalawigan dito.](#)

Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod

Muling Pagbubukas ng mga Sentrong Panlibangan

Para sa impormasyon sa muling pagbubukas ng sentrong panlibangan at mga update kaugnay ng mga pagbisita sa mga sentrong panlibangan ng Lungsod, pakibisita [dito](#) sa linggo ng Hulyo 12. Nakahanda ang sistema ng reserbasyon para sa mga pagbisita sa lahat ng sentrong panlibangan, kabilang ang drop-in fitness, aquatics, skating, at pangkalahatang programming.

Mga Outdoor na Panlibangang Amenidad ng Lungsod



Kabilang sa available na mga outdoor na panlibangang amenidad sa panahon ng Ikatlong Hakbang ang golf courses at driving ranges, soccer at iba pang sports fields, baseball diamonds at batting cages, tennis at basketball courts, lawn bowling at bocce, BMX at skate parks, at wading pools at splash pads. Muli ring nagbukas ang Professor's Lake beach at Eldorado Park outdoor pool para sa season, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng tubig.

Para sa mga detalye kaugnay ng mga limitasyon sa kalusugan at kaligtasan sa COVID-19 para sa partikular na mga outdoor na amenidad ng Lungsod, pakibisita ang www.brampton.ca/summerfun.

Mga Birtwal na Alok

Ang mga birtwal na camp ay nag-aalok sa mga kalahok na edad 4 hanggang 5 at 6 hanggang 10 ng pagkakataon na bumuo ng bagong pagkakaibigan dagdagan ang social skills, at magtatrabaho sa kapana-panabik na proyekto sa kanilang sariling bilis habang nakipaghalubilo nang aktwal sa kanilang mga peer at kapamilya. Ang Inclusion na mga Birtwal na Camp ay magiging available rin para sa mga kalahok na edad 6 hanggang 13 at 14 hanggang 20. Ang lahat ng programa ay pangungunahan ng bihasang mga instructor ng Lungsod ng Brampton gamit ang WebEx platform. Pwedeng magpa-register sa www.brampton.ca/recathome.

Ang mga residente ng Brampton ay maaaring patuloy na gumagalaw mula sa ginhawa ng kanilang tahanan sa **birtwal na fitness classes** sa hanay ng intensidad at nagtatampok ng sari-saring uri ng workout para sa bawat gugustuhin. Magpa-register para sa LIBRENG 30 minuto na live workouts kasama ang bihasang mga fitness instructor. Pwedeng magpa-register na 7 araw ang aga sa www.brampton.ca/recathome.

Ang mga nasa hustong gulang na 55+ taong gulang ay iniimbitahan na magpa-register para sa aktibo, interactive na **online workshops**. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga kalahok na makipagkita at makihalubilo sa mga peer, bumuo ng mga bagong pagkakaibigan at kumonekta online sa ligtas at structured na kapaligiran. Ang mga aktibidad ay pangungunahan ng bihasang mga instructor sa Lungsod ng Brampton gamit ang WebEx platform. Pwedeng magpa-register sa www.brampton.ca/recathome.

Mga Pagbabakuna

Ang sinuman na naninirahan, nagtatrabaho, o pumapasok sa paaralan sa Peel, at 12 taong gulang o higit pa ay pwedeng i-book ang kanilang appointment sa unang dosis.

Ang sinuman na tumanggap ng kanilang bakunang mRNA (Pfizer o Moderna) ay kwalipikadong i-book ang kanilang pangalawang dosis. Ang panahon sa pagitan ng una at pangalawang dosis ay kailangang di-bababa sa 28 araw.

Ang sinuman na tumanggap ng kanilang unang dosis ng AstraZeneca nang di-bababa sa walong linggo ang nakalipas ay pwedeng i-book ang kanilang pangalawang dosis. Inirerekumenda na ang mga tao ay magpaturok ng bakunang mRNA (Moderna o Pfizer) para sa kanilang pangalawang dosis.

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [portal ng bakuna](#) ng Lalawigan

Mga Link



- [Mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca